Ms. Oli

# Rosas

May rosas sa hardin. Pula ang bulaklak. Maingat itong diniligan ni Ben. Hindi niya sinira ang mga talulot. Lalong gumanda ang rosas.

## Mga Tanong:

1. Saan may rosas?
2. Ano ang kulay ng rosas?
3. Sino ang nagdilig ng rosas?
4. Ano ang nangyari sa rosas?

FT FUN TEACHER FILES

Ms. Oli

# Sampaguita

May tanim na sampaguita si Lola. Puti ang mga bulaklak. Mabango ang sampaguita. Pinitas ni Mika ang ilan. Ginawa niya itong kuwintas.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may tanim na sampaguita?
2. Ano ang kulay ng sampaguita?
3. Ano ang amoy ng sampaguita?
4. Ano ang ginawa ni Mika?

FT FUN TEACHER FILES

Ms. Oli

# Gumamela

May gumamela sa bakuran.
Kulay dilaw ito bulaklak nito.
Pinagmasdan ito ni Liza.
Dumapo ang paruparo.
Natuwa si Liza.

## Mga Tanong:

1. Saan may gumamela?
2. Ano ang kulay ng bulaklak?
3. Ano ang dumapo sa gumamela?
4. Ano ang naramdaman ni Liza?

FT FUN TEACHER FILES

Ms. Oli

# Santan

May santan sa gilid ng bahay. Maraming pulang bulaklak. Pinitas ni Carlo ang ilan. Inilagay niya sa maliit na plorera. Napangiti niya si Nanay.

## Mga Tanong:

1. Saan may santan?
2. Ano ang kulay ng mga bulaklak?
3. Ano ang ginawa ni Carlo sa santan?
4. Sino ang natuwa?

FT FUN TEACHER FILES

Ms. Oli

# Kalachuchi

May kalachuchi sa daan. Nalalaglag ang mga bulaklak. Pinulot ito ng mga bata. Maputi at mabango ang kalachuchi. Inuwi nila ang mga bulaklak.

## Mga Tanong:

1. Saan may puno ng kalachuchi?
2. Ano ang nangyari sa mga bulaklak?
3. Sino ang pumulot ng bulaklak?
4. Ano ang amoy ng kalachuchi?

FT FUN TEACHER FILES

Ms. Oli

# Ilang-ilang

May ilang-ilang sa bakuran. Namumulaklak ito. Amoy na amoy ang bango. Umupo si Tatay sa tabi nito. Tahimik at payapa ang paligid.

## Mga Tanong:

1. Saan may puno ng ilang-ilang?
2. May bulaklak ba ito?
3. Sino ang umupo sa tabi nito?
4. Ano ang pakiramdam ng paligid?

FT FUN TEACHER FILES